

Francisco Arias Monteseña \PAGHIMLAY SA BANIG NG APOY, MGA TULA

Himlay

The last sentence a 3-year-old Syrian said before he died: "I'm gonna tell God everything."

–World News, July 28, 2014

Hindi ko kayang hindi pumikit sa pangitaing ganito,
Habang kaya pang linisin ang dugo at hugasan ang mga sugat nila.
Hindi ganito ang dala ng mga nagdaan kong panaginip.

Dahil sa pagpikit, mas dinig ko ang tibok ng dibdib. Mahinay,
walang labanan, walang sigaw, walang putukan. Nakapagliliwaliw
sa lawak ng sonatang bigkas sa pananahimik. Sa gaod ng matimyas

na pakikipagtalik ng sarili sa damdamin. Kayang pigilan
ang paglalandas ng impit na iyak upang hindi makabingi,
kaya namang suhulan ang oras na maglakbay nang matagal palayo

sa iniiwasan, kaya nating salungatin ang titig ng pagmamakaawa.
Hindi kailangang kumapa ng mga dahilan sa paglapat ng palad
sa balikat ng mga napaaampong hikbi. Magagawa ko pa bang managhili

sa pagtalikod ng kabataan kung mamamalas lamang na sa kalansay
ng mga musmos uusbong ang sampung libong tanong ng pagkagupiling?
Kung may hinahong lukob sa mga larawan ng araw-araw

na pagsilang ng takot sa kanilang mga mata, hindi ako naniniwalang walang
ibinabadya ang mahihina nilang dalangin. Oo, maaaring ikukuwento
na lamang nila ang mga nagdaang sakit, na di nila makikilala ang dama

sa lugar na kahihinatnan ng mga walang-malay na pag-asa. Sadya,
may isang makikinig, may makakikilala sa kanilang mga kuwentong
hindi na matatandaan ang pangalan ng mga tauhan. Ay, hindi na ito mahalaga pa.



Hikab

Kung may lambing na hatid ang pagdating ng panaginip,
Ito marahil ang pagsasanga ng hininga sa timpi ng buga.
Hinahon ang dapat upang di sadyang ipakita
ang bagot na dala ng oras. Hinhin ang anyo
sa dalagang matimyas. Sa buka ng bibig,
apuhap ang nasang idlip. Hindi ngayon.
Hindi muna. May tamang oras ang lahat,
kahit ang hangad na pagtiklop ng ulirat.

Kung may yamot na dulot ang bahagyang pagkunot
ng noo sa dalang inip ng napakabagal na oras,
ibuka ang bibig. Huwag pigilin ang pagbagsak ng panga,
ang pangangatwiran ng katawan. Ang ginhawa
ng sandaling pahingalay ay nasa tamang paglaya,
nasa wastong pagpapakawala.



INAT

*“Children killed in their sleep; this is an affront to all of us, a source of universal shame.
Today the world stands disgraced.”*

-UN Relief and Workers Agency Commissioner-General Pierre Krähenbühl,
Jerusalem, Palestine July 30, 2014.

Kung naililibing sa dingding ang libong daing, maaaring kulang
ang lapad ng palad na mistulang lapidang kinatititikan
na kanilang mga pangalan—Paslit po lamang.

Nalilimot ng bagting ang dagundong ng tahimik na sumbong.
Kung hindi ka matigatig ng ganitong paglipol
ay kasama ka nilang pumupupol ng mga pighati sa mga larawan

na nakahambalang sa mga telebisyon at pahayagan.
Huwag sanang masimulang makabuo ng isang daigdig ng bato
na hindi kinikilala ang pintig at pulso. Huwag nawang magsimula

na antukin ang buwan at hindi na gumising kalaunan.
Kung may magsasabing “mabuti na ang ganito, di nila alintana ang sakit,”
dahilan ito ng mga wala dito sa kanilang kinahihigaan.

Kung kayang maghilom ng mga sugat sa lupa, hindi kayang makalimot
ng mga sumisibol dito. Ayaw kong makarinig ng “Kawawa naman”
kung mayroon pang magagawa. Lumilipad ang mga limbas

hindi upang manila. Lumilitaw marahil upang maghanap
kung mayroon pang dadapuang sanga. Kung idadagdag pa
na walang dapat ikalungkot itong mga musmos





TULA

na hindi nabatid ang kulay ng pagsubok, sinasabi ko,
batid nila sa kanilang paghikab na kailangan nilang pumikit
hindi dahil sa sumasanib na antok. Pumipikit sila

habang hinahaplos ang banig. Sinisigurong pantay pa ang lapat
ng palad sa daigdig, ang dama ng nagtatalong init at halumigmig.
Nakatanim dito ang mga alaala. Sa kanilang isip,

pahiwatig lamang ito ng mga kuliglig, na dadaan
ang gabing hindi sila kalilimutan. Ay, ang mga musmos
na nanaginip ng paghuli sa mga tutubing dumadapo sa tabi-tabi;

Silang mas malinaw pa ang alingawngaw ng inosenteng mga halakhak.
Paano maisasantabi ang ginawang paglunod sa kanilang mga tinig?
Mahirap na ang mabuhay sa ganitong tila araw-araw,

gabi-gabi ay isang paghuhukom. Huwag sana akong sisihin
sa ganito kong damdamin, nakayayamot kasi, nakapapagod,
tulad din ng Diyos na minsang nabagot.





Andap

Mula sa kuwento ng Gamugamo

I. Ang Apoy

Dahil hindi pa ito *ang huli*,
na lagi mong sinasabi,
di man sadya'y nakikitil
ang punla ng iyong dila-walang wawa
sa patuloy na pagkiwal;
Lalo pa at dumaratal
sa isang nagtataingang-kawali lamang.
Madalas na dumudulas
ang lahat ng mga pasabi,
Na sa akala'y wala namang pagkapaso
sa isang sumusubok lamang
na umaninaw sa mukha ng liwanag.
Kaipala ay kakaiba ang anyo ng iyong lagablab.
Katulad ng nagbabalat kayong ligamgam,
biglaan ay pinapagot mo ang lahat,
ang kabuuan.

*II. Ang Kulisap*

Makailang beses
na ako'y hindi pinangungulila
ng iyong mga pasubali't salita
at madalas sa wala nagkukumot
ang lahat ng sa akin ay di mapaniwala.
Pilit mang halughugin
ang silid ng aking damdamin,
hindi magawang maipasok
ang lahat na tagubilin.
Aywan kung bakit may pagtangga
sa pagtatanging humahagok na
ay di pa ako mabingi, na nasusunog na
ay hindi pa maupos. Marahil,
alam mong mapusyaw na alab
ang anumang pinagbabaga mo
sa aking loob habang pinipigilan
na masindihan ang anumang nais sigaan.
Dahil kahit anong pigil,
sadyang inaalipin ng ligamgam,
lalapit at lalapit kahit batid na
walang silbi ang apoy
kung ang ibinubuga ay lamig.

III. Ang Aral

At sa mito ng sisihan,
wari'y hindi naiibang nasa huli ang hinayang.
Na sana'y nabatid na mayroong liwanag
na sadyang tumutupok,
lalong higit sa mga marurupok.





Pagkapaso

Tanggap na niya sa sarili,
Noon pa mang sabihin
ng kaniyang lelang
Huwag kang aawit sa tapat ng abuhan,
hindi na niya mahahanap
ang kauling hanap.

Ilang beses na siyang napasos
ng mainit na kawali at natalisikan
ng mantika sa pagluluto.
Makailang ulit na siyang nabahiran
ng uling sa mukha sa pag-ihip
sa binubuhay na baga sa tungko.
Nakahiligan na niyang usisain
kung may nakahilig na baso
O sa banggerahan kaya
ay may wala sa ayos na plato.

Nabihasa na ang kaniyang mata
sa paggagayat ng sibuyas nang hindi naluluha.
Walang-hanggan niyang tinutupad (nang di sadya)
ang hulang-palad sa kupad ng oras
sa makipot niyang kusina.





TULA

Ito ang kaniyang mundong hindi hinanap.
Ang lupalop na palagian nang natatanaw
bawat paggising, pagtulog,
muli at muli.

Umaawit siya sa tapat ng abuhan;
Awit lamang ang kaniyang tinatakbuhan
habang sumasagitsit ang kaniyang niluluto
at hindi na niya naaamoy ang halimuyak
ng nasusunog na bawang.



Kung Naghahanap Ka ng Karugtong

Sa mga kuwentong pinanabikan mo ang hantong,
landasin mo ang dunong ng sumulat at nagkalat ng alamat
ng mga salita. Nandoon sa kanilang mga kamay
ang hiwaga ng pagtatagpi-tagpi ng mga tagpong
kinamihasnan mo at kinagalakan.

Kung hindi mo maunawaan ang lagay ng mga linya
at magmumungkahi ka ng mga bagong nais matuklasan,
kaliskisan mo ang nagsulat. Kung hindi ito ang likaw
ng kaniyang utak sa pagbuo ng ipinalalaganap ay wala . . .
wala kang karapatang isabuhay ang likha niyang buhay
sa mga titik na gumagalaw sa mahika ng kaniyang mga kamay.

Kung naghahanap ka ng sarili sa kudyapi ng kaniyang musika,
salaminin mo ang mukha sa lamyos ng tugtog.
Baka-sakaling makikita mo ang tindig sa mga espasyo
ng musika habang kasabay ang buntonghininga.
Kung naghahanap ka ng karugtong sa nilikha
ninyong istorya habang magkasama kayong dalawa,
subukan mong hamunin ang lungkot ng manlilikha
habang kayo ay masaya. Kung nabuo ang inyong kuwento
sa ubod ng puso, bakit kailangan pang hanapin ang mangyayari?

Kung ang daungan ng lahat ng inyong kapalaran
ay nasa mithi ng sumulat, pabayaang mo lang.
May mas imortal na pag-ibig na nabubuo
sa kamay ng isang duguan ang puso.





Aguhilya

I.

Mula sa kinauupuan kong tumba-tumba,
nakikita ko ang nakalugay mong buhok.

Halos tumatakip sa iyong mukha
sa bawat mong pagkilos.

Hindi mo kinaibigan
ang ipinasalubong kong aguhilya.

Ang sabi mo'y paano mo isusuot,
gayong may ilang hibla kang napuna.

Matagal na iyon, nang magkamali akong
tanggapin ang samyo ng ibang buhok

at iuwi ang isang bagay
na aking inakalang mas sa iyo'y angkop.

II.

Maingay na maingay
ang lagaslas ng tubig sa gripo.

Wala ang bini
ng iyong pagparoo't parito.

Napapansin kong madalas
napapadala ang pagdulas ng mga siyanse.

Nag-uunahang magpatiwakal
ang takip ng kaldero at kaserola.





Kahit alam mong nandoon ako,
nilulunod ng mga ingay sa kusina

ang langitngit ng aking upuan.
Sinadya mo man o hindi,

inilahagis mo na lamang
ang pansin sa sulok ng komedor

hanggang may nalilikha kang kulob.
Ang sabi mo ay sawa ka na sa init.

Bakit di mo nagagawang
lumayo sa kusina?



III.

Umuwi ako minsan at nadatnan kang nakadipa
Sa harap ng altar at sa tabi ng imahen ng birhen

Nandoon ang aguhilyang bigay.
Para bang itinatanong mo

Kung sino ang unang gumamit nito,
bago ko ihandog sa iyo.

Ngunit ano nga ba ang ihahayag
ng mga rebultong walang damdamin

Kundi tahimik na pakikilahok
sa iyong nadarama ngayon?

Tumayo ka at isinalab
sa apoy ng kandila ang aguhilya.

Noon ako napasog
at sa kinatatayuan napako.

